Ontario

ONTARIO BUDGET PARA SA 2009

Hinaharap ang Paghamon

Itinatatag ang Kinabukasan ng Ating Ekonomiya

Highlights

Ang Ontario ay nasa kalagitnaan ng isang krisis sa ekonomiya na umaapekto sa buong mundo. Sama-sama natin kailangang gawin ang lahat ng makakaya natin upang tulungan ang lahat hanggang matapos ang mahirap na panahon na ito at upang magtatag ng mas malakás na Ontario para sa kinabukasan.

Tinutulungan ng 2009 Budget ang mga pamilya sa Ontario na makaahon sa krisis sa ekonomiya. Pero mas marami pa rito ang ginagawa nito. Gagawin ng Budget na ito na mas malakás at mas kompetitibo ang ekonomiya ng Ontario nang makapagbenepisyo ang mga pamilya at mga negosyo kapag mahusay na naman ang ekonomiya.

Mga Trabaho Ngayon

Ang Budget na ito ay namumuhunan sa infrastructure at skills training upang lumikha ng mga trabaho at upang tulungan ang workers sa Ontario na makuha ang skills na kanilang kinakailangan upang magtagumpay.
Kami ay:

- Naglalaan ng $32.5 bilyon upang pahusayin ang mga ospital, mga kalye, social housing at mga eskwelahan na inaasahan ng ating mga pamilya — at ng ating ekonomiya. Ang dalawang-taóng investment na ito ay lilikha at magsusuporta sa mahigit na 300,000 trabaho
- Namamahagi ng bagong skills training at mga pagkakataong makapag-aral ang libu-libong Ontarians, kabilang ang mga nawalan ng trabaho, sa pamamagitan ng $700 milyon na bagong suporta
- Nagbibigay sa mga kabataan sa Ontario ng mga bagong pagkakataon sa pamamagitan ng pagmungkahi na gawing pinakamalaki ang Apprenticeship Training Tax Credit ng Ontario, at tumutulong sa 100,000 estudyante na makakuha ng summer jobs sa taóng ito
- Nagsusuporta sa mga negosyo at workers sa agriculture, forest products at mining industries sa pamamagitan ng $130 milyon sa darating na tatlong taon.

www.ontario.ca/budget

Pamumuhunan sa mga Bata at mga Pamilya

Sinusuportahan ng Budget na ito ang Ontarians na pinaka-nalalantad sa humahamong panahon ng ekonomiya na ito.
Kami ay:

- Tumutulong sa low- at middle-income na mga pamilya sa pamamagitan ng halos pagdoble sa Ontario Child Benefit na siyang $600 at na gagawing hanggang $1,100 bawat bata bawat taon simula sa darating na Hulyo
- Dinodoble namin ang Senior Homeowners' Property Tax Grant, tulad ng inanunsyo sa 2008 Ontario Budget, upang ang low- at middle-income seniors na naninirahan sa kanilang mga sariling tahanan ay makakakuha ng $500 na suporta para sa kanilang property taxes, na makakatulong sa higit sa 600,000 seniors sa darating na limang taon
- Nakikipagtulungan sa pederal na gobyerno upang mag-invest ng $1.2 bilyon sa darating na dalawang taon upang magtayô at mag-retrofit ng abot-kayang housing units
- Itinataas namin ang benefits ng Ontario Works at Ontario Disability Support Program
- Tinutulungan namin ang mga low-income na nangungupahan na maiwasan ang mapaalis sa kanilang tirahan sa pamamagitan ng pagbigay ng mahigit sa $5 milyon bawat taon na matatag na pagpopondo para sa municipal rent banks.

www.ontario.ca/budget

Karagdagang Impormasyon Ukol sa Ontario Budget Para sa 2009

Ang mga pangkalahatang katanungan tungkol sa Ontario Budget para sa 2009 ay dapat itanong sa:
Budget Hotline

Mga Tanong sa Ingles at Pranses:
Toll-free: 1-800-337-7222
TTY toll-free: 1-800-263-7776

Para sa mga elektronikong kopya ng dokumentong ito, bisitahin ang aming website sa www.ontario.ca/budget

Ang mga naka-print na kopya ay makukuha nang libre mula sa:

ServiceOntario Publications
777 Bay Street, Market Level
Toronto, Ontario M5G 2C8

Telepono: 416-326-5300
Libreng matatawagan: 1-800-668-9938
Libreng matatawagang TTY: 1-800-268-7095

www.serviceontario.ca/publications

Tagalog

ONTARIO BUDGET PARA SA 2009

Hinaharap ang Paghamon

Itinatatag ang Kinabukasan ng Ating Ekonomiya

Mga Trabaho Bukas

Ginagawa ng McGuinty government na mas kompetitibo ang ekonomiya ng Ontario, na siyang mauuwi sa paglikha ng trabaho at paninigurado na magbebenepisyo ang mga pamilya at mga negosyo sa Ontario kapag mahusay na naman ang ekonomiya.

Tumutulong kaming magdibelop ng mga bagong pagkakataon sa green economy sa pamamagitan ng:

- Pag-invest ng $250 milyon sa isang bagong Emerging Technologies Fund
- Paglaan ng $50 milyon sa darating na limang taon upang hikayatin ang pagdibelop ng isang smart electricity grid
- Pagdibelop ng isang bagong $5 milyong Green Jobs Skills Strategy upang magkaroon ang Ontarians ng skills na kanilang kinakailangan upang magamit ang mga bagong pagkakataon sa parating na green energy sector.

Namumuhunan kami sa innovation sa pamamagitan ng:

- Pamamahagi ng $100 milyon na bagong suporta para sa biomedical research
- Pagtulong upang kunin ang mga ideya sa Ontario at gawin itong mga trabaho sa Ontario sa pamamagitan ng $50 milyon para sa Innovation Demonstration Fund
- Pagtayô ng lubos na kinakailangang research infrastructure sa pamamagitan ng $300 milyon sa darating na anim na taon.

Ang entertainment at creative industries sa Ontario ay nagbibigay ng trabaho sa daan-daang libong Ontarians. Ito ang dahilan kung bakit namamahagi kami ng humigit-kumulang sa $100 milyon bawat taon na iminumungkahing tax relief at $30 milyong karagdagang suporta sa mga industriyang ito.

Komprehensibong Tax Reform Package

Iminumungkahi ng Ontario ang isang komprehensibong tax reform package kung saan kabilang ang paglipat sa isang single, value-added sales tax sa ika-1 ng Hulyo 2010, at pagbigay ng tax relief para sa mga tao at negosyo.

Upang tulungan ang mga pamilya na mag-adjust, iminumungkahi naming gawin ang sumusunod:

- Hindi isali sa walong porsiyentong provincial na bahagi ng tax ang mga libro, mga kasuotan at mga sapatos ng mga bata, mga lampin, mga car seat at car booster seat ng mga bata, at feminine hygiene products
- Siguraduhin na ang mga bahay na bagong tayô at nagkakahalaga ng mas mababâ sa $400,000 ay hindi mapapailalim sa karagdagang tax. Ang mga bumibili ng mga bagong bahay na ang halaga ay nasa pagitan ng $400,000 at $500,000 ay maaari ring mag-claim ng isang proportional rebate.

Upang tulungan ang mga tao at mga pamilya na mag-adjust sa bagong single sales tax, iminumungkahi ng gobyerno na mamahagi ng permanenteng tax relief at mga diretsong pagbabayad:

- 93 porsiyento ng Ontario taxpayers ay makakapagbayad ng mas kaunting personal income tax
- Ang mga kwalipikadong pamilya na ang kita ay hindi umaabot sa $160,000 ay makakatanggap ng tatlong pagbabayad mula sa gobyerno ng province na magkakahalaga ng $1,000 sa kabuuan
- Ang mga kwalipikadong indibidwal na ang kita ay hindi umaabot ng $80,000 ay makakatanggap ng tatlong pagbabayad na magkakahalaga ng $300 sa kabuuan
  - Ang unang pagbabayad ay maaaring dumating sa Hunyo 2010, ang pangalawa sa Disyembre 2010 at ang pangatlo sa Hunyo 2011
- Iminumungkahi rin ng gobyerno ng province na mamahagi ng:
  - Permanenteng tax relief para sa mga taong may low at middle income sa pamamagitan ng isa sa pinakamalaking refundable sales tax credits sa Canada. Ang bagong credit na ito ay mamamahagi ng hanggang $260 bawat taon para sa bawat taong nasa hustong gulang at bawat bata
  - Isang 16.5 porsiyentong pagbabâ sa tax rate sa unang $36,848 ng taxable income na kinikita ng lahat ng Ontarians.

Upang matulungan ang mga negosyo na maging mas kompetitibo, iminumungkahi ng gobyerno na mamahagi ng tax cuts, lalo na sa mga maliliit na negosyo. Ang tax cuts na ito ay mauuwi sa mas maraming trabaho at mas matatag at mas kompetitibong ekonomiya. Simula sa ika-1 ng Hulyo 2010, iminumungkahi naming gawin ang sumusunod:

- Ibabâ nang 18 porsiyento ang Corporate Income Tax (CIT) rate para sa mga maliliit na negosyo
- Ibabâ ang pangkalahatang CIT rate nang 14.3 porsiyento. Ito'y karagdagang babawasan nang 16.7 porsiyento sa darating na tatlong taon
- Ibabâ ang Ontario manufacturing at processing rate — kung saan kabilang ang mga negosyo tulad ng farming, fishing, mining at logging — nang 16.7 porsiyento
- Damihan ang small at medium-sized na mga negosyo na hindi isasali sa Corporate Minimum Tax at ibabâ nang 32.5 porsiyento ang rate para sa mga malalaking negosyo.

Bukod pa rito, iminumungkahi naming tanggalin ang small business surtax — Ang Ontario ay magiging kaisa-isang hurisdiksyon sa Canada na mag-aalis ng hadlang na ito sa mga lumalaking maliliit na negosyo.

www.ontario.ca/budget